# MGA BAHAGI NG PAHAYAGAN

*Sa modyul na ito –*

- *makikilala mo ang iba't ibang bahagi ng pahayagan*
- *masusundan mo kung saan ang karugtong ng iyong binabasang balita o pitak*
- *masasagot mo ang mga tanong tungkol sa mga impormasyong makikita sa iba't ibang bahagi ng pahayagan at*
- *magagamit mo ang mga bahagi ng pahayagan ayon sa pangangailangan*



## Pagbalik-aralan Mo

**A. Alin sa mga sumusunod ang likhang isip lamang? Sipiin sa sagutang kuwaderno at lagyan ng tsek (√) ang mga kahong nasa unahan.**

☐ Talaarawan

☐ Alamat ng Matsing

☐ Bernardo Carpio

☐ Kasaysayan ng Pilipinas

☐ Mga Kuwento ni Lola Basyang


☐ Si Juan Tamad

**B. Alin sa mga sumusunod ang hindi likhang isip? Sipiin sa sagutang kuwaderno at lagyan ng tsek (√) ang mga kahong nasa unahan.**

| | |
|---|---|
| ☐ Aklat ng mga Dula | ☐ Noli Me Tangere |
| ☐ Bibliya | ☐ Talambuhay ni Andres Bonifacio |
| ☐ Aklat ng Balagtasan | ☐ Ensayklopedia |

## Pag-aralan Mo

Ano ang makikita mo sa larawan?




Tama, mga mukha ng iba't ibang pahayagan. Marami tayong mga pahayagan. Nasusulat sa Ingles at nasusulat sa Filipino. Iilan lamang ang pahayagang gumagamit ng wikang gamit sa paaralan. Ang iba halu-halong Ingles at Filipino. Anu-ano naman ang nilalaman ng mga pahayagan o diyaryo?

Pahapyaw na tingnan ang pahinang ito.



**Balita**

Ang Nangungunang Pahayagang Tagalog sa Bansa

TAON XXXI Blg. 243 • Huwebes, Hulyo 31, 2003 P5.00

## Tiniyak na walang whitewash sa 'Magdalo' inquiry

**Nina EVELYN QUIROZ, GLORIA CUSTODIO at BERT DE GUZMAN**

"There will be no whitewash or cover-up." Ito ang tiniyak kahapon ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo kaugnay ng binuong independent commission na pinamumunuan ni retired Supreme Court Associate Justice Florentino Feliciano *(Sundan sa pahina 2)*

# PAGBIBITIW NI CORPUS, TINANGGAP NI GMA!

## Solons, nagbunyi

**Nina E. QUIROZ, G. CUSTODIO, B. DE GUZMAN at D. BELLOSILLO**

Tinanggap na ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang pagbibitiw ni Brig Gen. Victor Corpus bilang chief ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP).

Subalit nilinaw ng Pangulong Arroyo na hindi niya tinatanggap *(Sundan sa pahina 2)*

DUMALO sa Senate hearing si dating ISAFP Chief Victor Corpus. (File photo ni Edwin Azaña)

TULONG-TULONG ang mga residente ng Jhocson St., Sampaloc, Maynila, upang itayo ang tumaob na kotse na may plakang TWK-351 sanhi ng lakas ng pagkakabangga nito sa isang passenger jeepney na naging dahilan ng pagkakasugat umano ng ilang pasahero. (JOMAR LAGMAY)

## 6 Abu Sayyaf bandits, nadakip sa sagupaan

Sa pambungad na pahina makikita ang pinakaulo ng mga balita. Ano ang ulo ng balita sa diyaryong nasa sinundang pahina? ____________________

Paano ito nasusulat? Maliliit o malalaking titik? May kasama bang larawan ito? Ano ang pangalan ng pahayagan? Ilarawan ang logo ng pahayagan. Kailan ang araw at petsa ng pagkakalabas nito? Nakalagay ba ang halaga ng bawat sipi? Magkano? Paano mo mahahanap ang karugtong ng mga balita sa pamukhang pahina?

Pag-aralan ang mga balita. Pahapyaw lang na basahin.

## PANLALAWIGAN

### 11 tulak, 7 drug users sumuko

***JAEN, Nueva Ecija*** — Aabot sa labing-isang tulak ng bawal na droga at pitong drug users ang iniulat na sunud-sunod na sumuko sa himpilan ng pulisya sa magkahiwalay na lalawigan kamakalawa.

Ang mga nagsisukong tulak sa himpilan ng pulisya sa Diwalwal, Compostella Valley ay nakilalang sina Jovelyn Pernito, Roger Orot, Arcely Pianas, Joseph Paderna, Donato Rinmaco, Abdul Montia, Jennifer Fernandez, Aga Magara, Marcelino Albarando, Caro Faisal at Amen Dimatanuay.

Bunsod ng kampanya ng pamahalaan laban sa sindikato ng bawal na droga partikular na ang pagpipintura sa bubungan ng mga bahay ng mga pinaniniwalaang tulak ay nagpasyang sumuko ang mga suspek.

Kasunod nito, sumuko rin sa himpilan ng pulisya sa Jaen, Nueva Ecija ang mga drug users na sina Ferdinand Pablo, Gaudencio de Jesus, Emilio dela Cruz, Alejandro Faustino, Rodolfo Eduardo, Felipe Santos at Reynaldo Avergas na pawang residente ng Barangay Sto. Tomas South, Jaen, Nueva Ecija.

Ihahatid ang pitong drug users sa PNP Crime Laboratory sa Cabanatuan City at kasalukuyang ipaaalam kung nasa drug watchlist ang mga nagsisuko. ***(Christian Ryan Sta. Ana at Joy Cantos)***

### P12-M marijuana nasamsam

***CAMP CRAME*** — Umaabot sa 9, 000 puno ng marijuana at 3,000 binhi na nagkakahalaga ng P12 milyon ang nasamsam ng pulisya at mga tauhan ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) sa bulubunduking sakop ng Paligan 2, Matanog, Maguindanao kahapon.

Base sa ulat, isinagawa ang operasyon sa tatlong ektaryang lupain bandang alas-9 ng umaga makaraang makatanggap ng impormasyon ang mga awtoridad tungkol sa plantasyon ng marijuana.

Wala namang iniulat na dinakip sa nasabing plantasyon ng marijuana na pinaniniwalaang nagsitakas matapos na matunugang papalapit ang operatiba ng PDEA. ***(Joy Cantos)***

### Trader dedo sa ambush

***CAMP SIMEON OLA, Legazpi City*** — Pinagbabaril hanggang sa mapatay ang isang 37-anyos na trader ng mga rebeldeng New People's Army (NPA) habang ang biktima ay nagmomotorsiklo kasama ang kanyang anak sa Barangay Lampuyang, Pio V. Corpus, Masbate kahapon ng umaga.

Duguang bumulagta ang biktimang si Romeo Ponpon, samantala, ang anak na si Mark Anthony, 10 ay hindi naman nasugatan.

Naitala ng pulisya ang pananambang bandang alas-7 ng umaga matapos na harangin ng mga rebelde ang mag-ama.

May palagay ang pulisya na patuloy na tumatanggi ang biktima sa pagbibigay ng revolutionary tax sa makakaliwang kilusan ang naging dahilan ng krimen. ***(Ed Casulla)***

### 6 Sayyaf nalambat

***CAMP AGUINALDO*** — Anim na kalalakihan na pinaniniwalaang kasapi ng teroristang Abu Sayyaf ang iniulat na nalambat ng tropa ng militar sa hangganan ng Barangay Kraan at Libua, Palimbang, Sultan Kudarat noong Martes ng hapon.

Sumailalim sa tactical interrogation ang mga teroristang sina Saudi Mali Abdul, Wahab Jalica Piang, Abdul Aga Wahid, Blah Lambac Guiamat, Kaino Diya Piang at Solaiman Pati Piang.

Sa nakarating na ulat kahapon kay Army's Chief Lt. General Gregorio Camiling Jr., ginagalugad ng puwersa ng 2nd Scout Ranger Battalion, 27th Infantry Battalion, 47th Infantry Battalion, 57th Infantry Battalion at 1st Reconnaissance Company ang kagubatan ng naturang lugar nang mamataan ang grupo ng Sayyaf na nag-aabang ng bangka para tumakas.

Hindi na nakapalag pa ang anim na Sayyaf na may hawak na malalakas na kalibre ng baril matapos na paligiran ng tropa ng militar. May teorya ang militar na unti-unting tumatakas ang Sayyaf mula sa Jolo, Sulu makaraan ang sunud-sunod na opensiba ng militar laban sa nasabing grupo ng terorista. ***(Joy Cantos)***

Ang mga nakita ay mga balitang panlalawigan.
Ang nasa pahinang ito ay mga balitang pambansa. Lahat ay naganap lamang sa ating bansa. Pahapyaw lang na tingnan ang pahinang ito.

**PAMBANSA**

## Lifestyle check sa mga mayayamang pulis, militar

**HINILING kahapon ng isang mambabatas sa Philippine National Police at Armed Forces of the Philippines na isailalim sa lifestyle check ang mga opisyal at miyembro nitong mga milyonaryo.**

Ginawa ni Lozada ang kahilingan sa makaraang ireklamo ng mga batang opisyal ng militar ang kanilang mga opisyal na naging marangya ang pamumuhay dahil sa korapsyon samantalang naiiwan silang naghihirap.

Binigyang diin ni Negros Occidental Rep. Apolinario Lozada ang pagsusuri lalo na sa hanay ng mga matataas na opisyal gaya ng mga heneral.

Dapat isagawa umano ito tulad ng nangyayari ngayon sa Bureau of Internal Revenue, Bureau of Customs at Department of Public Works and Highways.

Kabilang umano sa mga dapat masuri ang mga bahay, sasakyan, negosyo, ari-arian, cash sa bangko at iba pa na pag-aari ng mga opisyal at miyembro.

Nakadududa umano ang pamumuhay ng mga heneral sa pagkakaroon ng mga magagarang bahay at condominium, mamahaling sasakyan, malalaking pera sa bangko samantalang sumasahod lamang ang mga ito ng P17,094 para sa brig. gen. at P19,173 para sa Chief of Staff. **BETH ARAGON**

## QC gagastos ng P.5M para sa oil paintings

**GAGASTOS ang Quezon City government ng P560,000 para sa frame oil painting ng mukha nina Mayor Sonny Belmonte, Vice Mayor Herbert Bautista at 26 na konsehal ng lungsod sa kabila ng panawagan ng Pangulo na magtipid.**

Nabatid na nakahain na sa Konseho ng Lungsod ang panukala nina Councilors Jorge Banal, Rommel Abesamis at iba pa hinggil sa pagpapalabas ng nabanggit na pondo mula sa City Treasury para sa pagpapagawa ng frame oil painting.

Nakatakda namang hadlangan ng iba pang konsehal ang naturang panukala dahil pwede naman umanong makagawa ng photo frame ang city government sa murang halaga at gamitin ang pondo sa mas mahalagang pangangailangan.

Kaugnay nito, nagreklamo ang mga maralitang tagalunsod sa pangungu-

na ni Commonwealth Federation Zone Pres. Ma. Luisa Garcia dahil sa halip umanong itulong ang nasabing halaga sa mahihirap na halos walang makain ay aaksayahin lang ito sa mga oil painting. **VIVIAN TUAZON at NENET VILLAFANIA**

## Pahayag ni Sin sa mutiny 'wag balewalain--TAO

**SINABI kahapon ni Senadora Tessie Aquino Oreta na huwag balewalain ng gobyerno ang pahayag ni Archbishop Jaime Cardinal Sin ukol sa mga nag-aklas na batang opisyal ng militar.**

Nabatid na pinuri ni Sin ang lakas ng loob ng mga opisyal na maglabas ng kanilang mga hinaing laban sa mga salot sa lipunan na nagpapahirap na rin sa kanila.

Inilinaw ni Oreta na ang pahayag ni Sin ay isa na ring babala na maaaring maulit muli ang pangyayari sakaling hindi matutugunan ng gobyerno ang kahilingan ng mga nagsagawa ng pag-aaklas.

Sinabi pa ng Senador na buo itong sumasang-ayon sa paggawa sa Senado na committe as a whole para imbestigahan ang pag-aaklas.

Samantala, sinabi naman ni Vice President Teofisto Guingona na malinaw na paglabag sa karapatang pantao ang pagdetine sa limang opisyal ng mga nag-aklas nang incomunicado.

Dapat umanong ibigay ng awtoridad sa mga opisyal ang mga karapatan ng akusado sa pamamahayag at pagtanggap ng mga bisita tulad ng itinatadhana ng Konstitusyon. **VICKY CERVALES**

Sagutin mo nga ang mga tanong.

1. Paano nasusulat ang mga pamagat ng mga balita?
2. Bakit tinawag na panlalawigang balita ang nasa naunang pahina?
3. Bakit tinawag na balitang pandaigdig ang mga nasa pahinang ito?

# PANDAIGDIG

## Bodyguard ni Saddam, nadakip ng US troops

**TIKRIT, Iraq** — Napaligiran at naaresto ng mga sundalong Amerikano ang umano'y bodyguard ni Saddam Hussein sa isinagawang pagsalakay sa tinitirhang bahay ng huli kabilang na rin dito ang security chief ng dating gobyerno at lider ng militia.

Nasorpresa ng mga sundalo ang suspect na si Adnan Abdullah Abid al-Musslit sa Tikrit, isang pangunahing base ng anti-American guerillas matapos matagpuan ng mga sundalo mga pulbura at tank mines sa ginagawang pag-atake ng mga ito sa mga sundalong Amerikano.

Ang dalawa pang dinakip ay sina Daher Ziana, head ng security ng Tikrit at Rafa Idham Ibrahim al-Hassan, lider ng Saddam Fedayeen militia, ayon pa kay Lt. Col. Steve Russel.

## $3-M cash, natangay sa embahada ng Iraq

**MOSCOW** — Sinalakay ng mga di-kilalang armadong lalaki ang embahada ng Iraq at mabilis na tumakas tangay ang may $3 million (2.6 million euros) sa loob ng safety vault, sinabi ng Interfax news agency.

Mabilis na tumawag ang ilang opisyal ng embahada sa opisyal upang ipagbigay alam ang naturang nakawan na hinihinalang naganap ng hatinggabi at ayon sa mga security guards na wala naman silang nakikitang kakaibang pangyayari sa loob ng nasabing embahada.

Ayon kay Abbas Khalaf, ambassador ng Iraq sa Moscow, na siya'y mananatili pa rin sa kanyang puwesto kahit na bumagsak ang rehimeng Hussein hangga't hindi pa naghahalal ng bagong liderato sa nasabing bansa.

## 12 pasyente ng SARS sa Beijing, ligtas na

**BEIJING** — Ang 12 pinakahuling pasyente na nahagip ng nakakakilabot na killer virus ay iniulat na ligtas at ito'y isang senyales na hindi na dapat mag-panic sa paglaganap ng naturang SARS na ikinamatay ng daang-daan katao dito.

"Ang 12 na naka-confine sa ospital na kinumpirmang may SARS ay wala na umanong sintomas ng nasabing sakit at hindi na rin makakahawa sa kani-kanilang makaka-usap sinabi ni Liang Wannian, deputy director ng Beijing Municipal Bureau of Health.

Subalit ang mga ito ay patuloy na mananatili sa nabanggit na ospital bunga ng nasabing kumplikasyon na sanhi ng SARS.

## Labor ministry website sa UAE, 'on-line' na

**ABU DHABI, UAE** — Inabisuhan na ang may 140,000 Overseas Filipino Workers (OFWs) sa United Arab Emirates (UAE) na regular na bisitahin ang website ng UAE Ministry of Labor and Social Affairs upang maging updated sa mga development na makakaapekto sa kanilang pagtatrabaho sa emirates.

Ang bagong website ay magsisilbi ring sounding board para sa mga komentaryo at suhestiyon ng mga expatriate workers sa UAE, bukod pa sa kapapalooban ito ng mga impormasyon circular at iba pang aspeto ng pamamasukan sa UAE.

Ang website ay puwedeng i-access sa ***www.mol.gov.ae.***

Paano nasusulat ang mga balitang pandaigdig?
Nakalagay ba ang bansang pinagmulan ng balita?
Ano ang pagkakaiba ng balitang pandaigdig sa balitang local?

Narito ang iba pang bahagi ng pahayagan. Pahapyaw na tingnan ito. Ang susunod na matutunghayan ay pahina ng editorial. Matatagpuan dito ang kaisipan o isyu na nais linawin ng patnugutan. Dito makikita ang mga pitak o kolum na sariling opinion ng mga kolumnista. Pahapyaw lang ang pagbasa. Mga titulo lang ang bigyang pansin. Paano mo malalaman na may karugtong ang binabasa? Saan mo hahanapin?

**p. 4**




**EDITORIAL EDITORIAL**

## Nasaan si Al-Ghozi?

Sa isang iglap ay biglang nawala ang atensyon ng buong bansa sa paglaho ng international terrorist na si Fathur Rohman al-Ghozi. Nalipat ang lahat sa pag-aklas ng mga junior military officers sa Makati.

Isang araw lang ang tinatawag na ngayong 'Oakwood mutiny' subalit malaki ang nilikha nitong epekto upang mabago ang takbo ng mga pangyayari. Unang-una nang tinamaan ang kaso ni Al-Ghozi. Biglang namahinga ang usapin tungkol sa 'great escape' sa national headquarters ng Philippine National Police sa Camp Crame.

Dito tayo kinakabahan kapag may mas malaking isyu na tumatabon sa iba pang problema ng pamahalaan katulad sa pagkawala ni Al-Ghozi. Nawala ang atensyon ng publiko sa naturang isyu at nabaling ngayon sa usapan tungkol sa bigong pag-aaklas ng mga sundalo.

At kapag minalas-malas pa ang taumbayan ay baka masundan pa raw ang pag-aaklas dahil kumukulo pa rin ang sentimyento sa hanay ng hukbong sandatahan ng bansa. Kapag mamalasin ka nga naman nagkakasunud-sunod pa. Ang suwerte lang yata sa mga ganitong pangyayari ay walang iba kundi ang gobyerno. Napupunta kasi sa ibang paksa ang atensyon ng mamamayan at napapahinga ang iba pang malalaking isyu.

Kutob tuloy natin ngayon ay baka marami pang malalaking balita ang pumutok bago matapos ang taong kasalukuyan hanggang sa dumating ang 2004 presidential election. Baka isang araw magulat o gulatin na naman tayo ng iba pang negatibong kaganapan. Abangan!

**HARDLINER**

**Ni Bogs Guerrero**

## King-maker at financier may misyon sa Britain?

Kung ating lilimiin ang mga sunud-sunod na pagkakahuli ng mga shabu laboratory dito sa ating bansa ay iisipin natin na talagang napakatalamak na ng droga dito sa bansa.

Kung sa gayon ay nangangahulugan na sadyang nakakatakot na ang mamuhay dito sa ating bansa dahil nagkalat ang droga at ang mga gumagamit nito.

Alam pa naman natin na ang mga adik ay kung anu-anong karumal-dumal na krimen ang kayang gawin kapag gumon na sa bawal na gamot. Hindi ba pagrabe nang pagrabe ang mga patayan at nakawan na ating nababalitaan?

Bilyong pisong halaga ang mga nahalughog sa Tanza, Cavite, Parañaque at iba pa na ipinapakitang balos kahit saan ay mayroong pagawaan ng shabu. Talo pa siguro natin ang mga bansa sa Latin Amerika kung pagawaan ng droga ang pag-uusapan.

Pwede na nga siguro tayong tawaging shabu capital of the world dahil sa mga naglalabasang pagawaan ng shabu na nahuhuli. Hindi na natin masisisi iyong mayroong kaya na mag-isip na umalis na lamang ng bansa para maiwasan ang lagim na nagaganap o maaaring maganap sa ating bansa.

Pero parang kakatwa na ang pinag-ibayong pagkilos ng mga maykapangyarihan, ang mga pulis, NBI, at iba pa ay sinimulan lamang noong naghudyat si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo na gugulong ang mga ulo ng mga sangkot sa droga.

Ibig sabihin ay matagal nang alam ng mga hinayupak na mga opisyal ang mga sindikato sa likod ng bawal na gamot pero bakit nila pinayagang lumaki ito at maging tunay na kanser ng bayan. Sa laki ngayon ng mga sindikatong ito ay hindi na naniniwala pa ang karamihan na mabubuwag pa ito.

Dangan kasi ay pumasok na tayo sa punto ng narcopolitics kung saan ang pera sa droga ay nagagamit sa eleksyon at ang mga naisponsoran nito ay siyang mga tagapagtanggol o protektor ng mga sindikato dahil sa utang na loob. Ito ay totoo sa lahat ng lebel ng pamahalaan pati na sa lebel ng batas.

Marami sa mga ito ang naka-payroll sa mga sindikatong ito kaya naman ay parang moro-moro lamang ang nangyayari at walang mga malalaking tao ang nahuhuli sa tuwinang magkakaroon ng raid o hulihan sa kuta ng mga ilegalista.

Sana ay hindi drama o moro-moro ang ginagawang pagkilos ngayon. Sana ay hindi ningas-kugon at papogi lamang at sana pati ang mga malalaking isda ay mahuli na rin kasama ang kanilang mga protektor.

***


Mukha talagang seryoso

**(Sundan sa ph. 5)**

May pahina ng mga lathalain na nakakalibang tulad ng palaisipan, horoscope, at komiks strip. Tingnan mo ang mga sumusunod.

## TALAS-ISIPAN

By Boy Silverio



**PAHALANG**
1 Umiral
5 Lamang-dagat
11 Ibon
12 Inilawit ang mahabang buhok
13 Produkto mula sa tubo
16 Lunsod sa timog
18 Isang matrimonyo
19 Awtor ng kasaysayan
20 Sagana
22 Opisyal na panlabas
24 Ilang
26 Malaking pinggan
28 Itapat sa baga
30 Pamantasan sa estado (Ingles, pantitik)
33 Tinugis
35 Wasto
36 Malabong liwanag
38 Mensahe
40 Nilibak
42 Gamit sa barberya
43 Malupit
44 Lihim na komunikasyon
45 Tinanggap ang kasalanan
46 Ibigay sa akin

**PABABA**
1 Pumatnubay sa ikakasal o sponsor
2 Mayaman
3 Ilagay sa tama
4 Sanib
5 Pinaslang na peryodista noon
6 Lupang umaalimbukay
7 Gamutin
8 Lalawigan sa Makati
12 Liksi sa pag-iwas
14 Naging Manila mayor (inisyal)
17 Gustong-gusto
21 Araw ni Saturno (Ingles, daglat)
23 Nalugmok
25 Isda
26 Lecture
27 __ Las Vegas (Nevada)
29 I__t (ginamit na panitik)
30 Gulay
31 Sagana
32 Ikopya
34 Libot
35 Patalim
37 __i (ginapas)
39 Lunsod sa California (daglat)
41 Isang pang-abay

**Sagot Kahapon**



## Horoscope

**KAARAWAN MO NGAYON**

MAGIGING madaan sa iyo ang pagsasakatuparan ng mga gawain. Ang mga araw ay may halo na kaligayahan sa pag-ibig. Napapanahong pakinggan ang mga musikang malalaman at romantiko. Makulay ang mga sandali.

***ARIES*** (Mar. 21-Abr. 19) Magbabalik sa normal na kalagayan ang kalusugan pagkatapos na magkasakit. Siguruhing matapat na sinusunod ang mga ipinayo ng iyong doktor. Lucky nos. 20-21-24-25-28 & 39.

***TAURUS*** (Abr. 20-Mayo 20) Ipagpaliban ang paghuhusga kung hindi naman lubos na malinaw para sa iyo ang isyung kinakaharap. Mag-ingat na madala ng bugso ng damdamin. Lucky nos. 27-30-22-31-7 & 14.

***GEMINI*** (Mayo 21-Hun. 20) Makakatamasa ng espesyal na pagtrato mula sa establisimyentong pinuntahan. Huwag abusuhin ang kabaitang kanilang ipinapakita. Lucky nos. 2-3-5-6-23 & 28.

***CANCER*** (Hun. 21-Hul. 22) Panahon na para talikuran ang masasamang bisyong nagbibigay sa iyo ng sakit sa ulo. May pagkakataon pa para magbagong buhay. Lucky nos. 10-14-4-5-7 & 31.

***LEO*** (Hul. 23-Agos. 22) Salain ang mga napapanood sa telebisyon ng iyong menor de edad na anak. Makasasama sa kanya ang pagkababad sa karahasan at kalaswaan. Lucky nos. 8-9-10-15-4 & 11.

***VIRGO*** (Agos. 23-Set. 22) Mapipilitang magtrabaho kahit na masama ang pakiramdam. Nararapat na tapusin ang mga nakabinbing papeles ng mga nakatataas sa iyo. Lucky nos. 1-7-12-16-18 & 19.

***LIBRA*** (Set. 23-Okt. 22) Unti-unting nawawala ang paggalang ng mga taong iyong pinamumuhunan. Iwasang maipakita sa kanila ang mga kahinaan ng iyong pagkatao. Lucky nos. 15-17-20-21-41 & 5.


***SCORPIO*** (Okt. 23-Nob. 21) Unawain ang personal na kalagayan ng iyong kaibigan. Huwag masyadong ipaggigiitan ang inaakala mong makabubuti sa kanyang kapakanan. Lucky nos. 16-17-2-3-8 & 19.

***SAGITTARIUS*** (Nob. 22-Dis. 21) Magsasama-sama ang iyong malaking pamilya sa isang engrandeng okasyon. Mayroon sa inyong ikakasal o magpapabinyag. Lucky nos. 16-19-6-11-4 & 6.

***CAPRICORN*** (Dis. 22-Ene. 19) Makakasama ang kaibigan sa isang importanteng paglalakbay. May ilang aspeto ng kanyang pagkatao ang ngayon mo lamang madidiskubre. Lucky nos. 8-10-6-15-14 & 22.

***AQUARIUS*** (Ene. 20-Peb. 18) Ipinapayong kausapin nang masinsinan ang iyong asawa ukol sa hinala mo na siya ay nangingibang-pugad. Pakinggan ang kanyang paliwanag. Lucky nos. 5-7-21-24-18 & 20.

***PISCES*** (Peb. 19-Mar. 20) Makalulusot sa kinasasangkutang problema dahil sa kawalan ng kalabaw ng sapat na katibayan laban sa iyo. Huwag nang ulitin ang naging pagkakamali. Lucky nos. 18-19-20-21-22 & 41.




Ang ibang pahayagan ay may mga patalastas ng mga palabas sa sinehan, mga numero ng labas ng lotto at text messages.

May pahinang pag-showbiz o mga balita at tsismis tungkol sa mga artista.

May pahina rin na pang-isports na naglalaman ng mga balita tungkol sa mga nagaganap sa iba't ibang kompetisyon ng isports dito at sa ibang bansa. Tampok din ang ating sikat na mga manlalaro at mga kampeong pandaigdig.

Ang pahayagan ay may pahina tungkol sa mga anunsyo at patalastas. Tinatawag itong anunsyo klasipikado.

May anunsyo para sa mga patay. Obituaryo ang tawag dito.

May anunsyo para sa mga trabaho.

May anunsyo para sa mga ipinagbibili at ipinauupa.

May anunsyo na nagpapatalastas ng mga produkto.

May anunsyo rin tungkol sa mga lumalabas na numero sa lotto.

Hindi pare-pareho ang nilalaman ng bawat pahayagan at hindi rin pare-pareho ang wikang ginagamit. May mga gumagamit ng wika na ginagamit ang tamang balarila sa paaralan at may gumagamit naman ng pabalbal na wika, halu-halo.

## Isaisip Mo

Naririto ang mahahalagang bahagi ng pahayagan at maikling paliwanag tungkol sa mga bahaging ito.

1. Pamukhang pahina – makikita rito ang headline o pinakaulo ng mga balita. Naririto rin ang iba pang mahahalagang mga balita na ang karugtong ay makikita sa ikalawang pahina. Kung minsan nasa huling pahina ang karugtong.

2. Pahinang editorial – mababasa rito ang kuru-kuro ng pabliser o pasulatan tungkol sa mainit na isyu. Naririto rin ang pangalan ng patnugot at mga bumubuo sa patnugutan kasama ang address at telepono ng publikasyon. Kasama rin sa pahinang editorial ang mga liham sa patnugot at mga pitak ng mga kolumnista.

3. Pahina ng mga balitang local at balitang pandaigdig.

4. Pahina ng mga Lathalain (Features)

   a) Panlipunan – tungkol sa mga pagdiriwang, mga kilalang tao sa lipunan, mga bagong uso, sining edukasyon at kultura.
   b) Panlibangan – tungkol sa mga horoscope, palaisipan, mga kuwento o eksenang katatawanan na nakalarawan at mga palabas sa sine.
   c) Pang-artista – mga balita tungkol sa mga artista.
   d) Pang-isports – tungkol sa iba't ibang palakasan, nga nananalo at mga nagiging kampeon sa larangan ng isports.
   e) Pangkabuhayan – mga balita tungkol sa negosyo, mga halaga ng palitan ng pera, mga proyektong pangkabuhayan at mga bagong imbensyon.
   f) Anunsyo klasipikado – mga patalastas tungkol sa serbisyo, mga trabaho at mga produkto



## Pagsanayan Mo

**A. Kilalanin kung anong bahagi ng pahayagan ang ipinakikita sa ibaba. Isulat ito sa sagutang papel.**

1.



**4 pabrika ng fish ball, isinara sa karumihan**

By M. EVANGELISTA

Apat na malalaking pabrika ng "fish ball" o bola-bola ang napatibayan ng Veterinary Inspection Board (VIB) ng Maynila ang lumalabag sa pamantayang pangkalusugan at kalinisan at inatasang tumigil sa operasyon, ayon sa ulat mula sa tanggapan ng VIB na kasalukuyang pinamumunuan ni Capt. Reynaldo Jaylo, kahapon.

Sa pahayag ni Philip Manila, information officer ng VIB kahapon ang apat na pabrika ng bola-bola na iniutos na pansamantalang masara ay ang "Mabuhay" Bola-bola; ang Alex Bola-Bola; ang A & A; at ang Champion na pawang nasa Divisoria Area sa Maynila.

Ayon kay Manila, nang isagawa ang inspection, nakitang maruming-marumi ang mga pabrika, at sa biglang tanaw pa lamang, makakarkulang walang kalinisan ang produkto, gayunpaman, sinabing ang resulta ng "laboratory test" ay hindi pa tapos hanggang kahapon ng hapon.

Inirekomenda ng mga veterinary inspector na maghain ng kaukulang mga dokumento ang mga operator at magsagawa ng kinakailangang hakbang upang maisaayos ang pabrika kung nais nilang makapagpatuloy sa pag-oopерate. (Maricar C. Evangelista)

2.

# Pandaigdig

## Hostage crisis, may progreso

LIMA, Peru (AP) — Sinabi ng isang mediator sa hostage crisis na may maliit na liwanag na nakikita," sa progreso ng pakikipag-usap para wakasan na ang pag-okupa sa bahay ng Japanese ambassador.

Habang ang krisis ay papasok sa ikaanim na linggo noong Linggo, sinabi ni Roman Catholic Archbishop Juan Luis Cipriani na inaasahan niya ang pagkilos sa pagpapalaya sa 72 bihag ng Tupac Amaru rebels. Ang mga rebelde ay nambihag simula nang salakayin ang isang posh cocktail party noong Dec. 17.

"There is a small light on the horizon that we must take care of," wika ni Cirpiani. "God willing, these conversation would start soon."

Noong Linggo ng umaga, pinalaya ng mga rebelde si police Gen. Jose Rivas Rodriguez, na inilabas sa isang stretcher mula sa compound kasama si Cipriani at mga opisyal ng Red Cross.

Si Rivas, deputy commander ng police security ng presidente, ay dinala sa isang police hospital para sa pagsusuri. Noong Jan. 17, pinalaya rin ng mga rebelde ang isa pang police commander, dahil sa kalusugan.

Dalawa lamang sila na napalaya simula noong Jan. 1 nang may pitong bihag ang pinalaya.

## Pres'l election sa Chechnya

GROZNY, Russia (AP) — Sa likod ng mga bayan at villages na sinira ng digmaan, lumabas ang Chechens kahapon upang pumili ng isang pangulo at parliament na magsusulong sa kanilang kaso para sa kalayaan mula sa Russia.

Ang seperatists ng Chechnya ay siya nang namamahala sa predominantly Muslim territory sa katimugang Russia, at ang eleksiyon noong Lunes ay nakikita bilang isang daan na mapalakas ang claim para sa ganap na paghihiwalay sa Moscow.

"We don't want independence in five or 10 years," sabi ni Aslan Maskadhov, front-runner sa presidential race, sa isang news conference noong Linggo. "We think that after democratic elections, civilized elections, we need to sit down to talk with Russia" tungkol sa kalayaan.

"We want everyone to see us as an independent state," wika niya.

Lahat ng pangunahing kandidato ng Chechens ay mga bayani ng guerilla battle laban sa Russians, at sa kabila ng pinsala ng digmaan, lahat ng Chechens ay maligaya sa nangyayari.

"After these elections we can put all the confrontations behind us," sabi ni Vakhab Vatsayev, isang doktor. 'After the voting, everyone should respect the voice of the people."

3.

## RP, host ng Youth Boys Volleyball C'ship

TATAYONG punong abala ang Pilipinas ng First Youth Boys Volleyball Championship sa Abril 4-11 sa Baguio City, ipinahayag kamakalawa ng Philippine Amateur Volleyball Association.

Makakasabay ang naturang walong araw na torneo ang kauna-unahan ding Asian Youth Girls Volleyball Championship na gaganapin naman sa Thailand sa nasabi ring petsa kung saan sasali rin ang RP.

Ang RP boys team ay iko-coach nina dating Far Eastern University standouts Nestor Pamilar at Ramil de Jesus, samantalang girls squad ay nina Edwin Leyva ang Dela Salle-Zobel at Raymund Castillo ng De La Salle University. SC

4.

**MERCURY FORTICH**

Herbalista gumagamot lahat ng uri ng cancer, tumor, hepatitis, skin deseases at ibang malalang sakit 185 IBP Road Brg. Commonwealth, Q.C. Tel. 932-2981, 932-2955 sarado pag Sabado.

**FOR RENT**

APARTMENT

2BR UP/DWN CALL T592521

Bedspace

Lady boarders P2200 for 2 persons f/furn Punta, Sta. Ana 30 mins. Mkt/Ortigas Call JR/Dian at 531-2394

5.

**KAGAT-LANGGAM** nina **DINDO B. at RESTIE R.**





## Subukin Mo

**A. Piliin ang titik ng tamang sagot sa sumusunod na kalagayan. Isulat ang sagot sa sagutang kuwaderno.**

1. Wala kang trabaho. Aling bahagi ng pahayagan ang titingnan mo?

    a. Palaisipan
    b. Kolum ng mambabasa
    c. Anunsyo
    d. Pangulong balita

2. Ibig mong alamin ang pananaw o pakahulugan ng publisher o palimbagan sa isyu tungkol sa unang 100 araw ng Presidente. Alin sa mga sumusunod ang sasangguniin mo?

    a. Pahinang pang-isport
    b. Kolum ng isang manunulat
    c. Editoryal o pangulong tudling
    d. Balitang pampamayanan

3. Ibig mong malaman ang opinyon ng isang indibidwal sa isyu tungkol sa brownout. Alin dito ang babasahin mo?

    a. Kolum na isang manunulat
    b. Balitang pandaigdig
    c. Pahinang pampalakasan
    d. Editoryal

4. Aling bahagi ng pahayagan ang gagamitin mo upang maaliw?

    a. Balitang pampamayanan
    b. Pitak Palaisipan
    c. Pangunahing Balita
    d. Anunsyo

5. Pinakahuling balita tungkol sa paboritong laro ang mababasa sa bahaging ito. Aling pahina ito?

    a. Pitak-artista
    b. Mga anunsyo

c. Palakasan
d. Pandaigdig na balita

**B. Sabihin ang mababasa sa sumusunod na mga bahagi ng pahayagan.**

1. Editoryal

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Kolum ng Manunulat

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Pangunahing Balita


_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

4. Anunsyo

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

5. Balitang Pang-isports

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________



**Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.**